Supplemental Security Income (SSI)

2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Mga Account sa Pagpapahusay ng Sariling Sitwasyon

## Ano ang individual development account (tinatawag na "IDA")?

Ang isang IDA ay isang espesyal na account sa bangko na makakatulong sa iyong mag-ipon para sa iyong edukasyon, upang bilhin ang unang tahanan, o upang magsimula ng negosyo.

Gagamitin mo ang mga kita mula sa iyong trabaho upang magbukas ng isang aprobadong account sa bangko para sa isang IDA.

## Paano tumutulong ang IDA sa pagpapalagô ng aking pera?

Magpapasok ka ng pera mula sa iyong mga kita sa trabaho. Sa isang IDA, ang iyong mga kontribusyon ay tinutumbasan ng pera mula sa programa ng TANF (Temporary Assistance for Needy Families) ng iyong Estado o mula sa mga espesyal na pondo na tinatawag na "demonstration project" na pera. Ang katumbas na pera ay maaaring makatulong sa iyo na makamit ang iyong layunin nang mas maaga.

## Sino ang kwalipikado para sa isang IDA?

- Kung ikaw ay nagtratrabaho at tumatanggap ng mga pagbabayad ng TANF, maaaring kwalipikado ka para sa isang **TANF IDA**. (Hindi lahat ng Estado ay kasalukuyang nag-aalok ng isang TANF IDA.)
- Kung ikaw ay nagtratrabaho at **alinman** sa pagdabayad ng TANF o mababa ang kinikita at mga pag-aari, maaaring kwalipikado ka para sa isang **demonstration project IDA**.

## Paano maaapektohan ng isang TANF IDA o Demonstration Project IDA ang aking benepisyo sa SSI?

Ang iyong benepisyo sa SSI ay hindi bababa—maaari pa nga itong tumaas! Ito'y dahil ang mga kita, ang katumbas na pera, at ang interes na pumapasok sa iyong IDA ay **hindi** itinuturing na iyong kita o mga pag-aari kapag kinakalkula namin ang iyong benepisyo sa SSI.

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga IDA?

Tawagan ang TANF na ahensiya sa iyong Estado.